GRADE VI

# BAHAGING GINAGAMPANAN NG MGA MAMAMAYAN SA PAGTATAGUYOD NG KAUNLARAN NG BANSA

## ALAMIN MO

Suriin ang larawan.




*Bakit mo kinakailangang gumawa? Ano ang kabutihang naidudulot nito sa iyo at sa bansa? Ano-ano ang magagandang katangian na dapat taglayin ng isang taong gumagawa?*

Sa modyul na ito matututuhan at masasabi mo ang mga katangian ng isang taong may tamang saloobin sa paggawa.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Tignan mo ang Attribute Wheel. Paano nagiging produktibo ang isang tao? Isulat ang inyong mga sagot sa spoke.






## PAG-ARALAN MO

Basahin at unawain mo ang talata.

Ang malaking bahagi ng buhay ng tao ay ginagamit sa paggawa. Kailangan mong gumawa upang matugunan ang iyong mga pangangailangan at ng bansa.

Mahalaga ang taong may tamang saloobin sa paggawa. Ang magandang saloobin ay dapat itanim sa isipan habang bata pa. Hindi dapat ikahiya ang paggawa at ito ay dapat ipagmalaki.



Ang batang nagtataglay ng magandang saloobin sa paggawa ay nagpapamalas ng sumusunod na mga katangian sa pagtatrabaho.

1. Tiwala sa sarili

    Kapag may tiwala sa sarili ang isang tao, sinisikap niyang isagawa ang anumang gawain sa abot ng kanyang makakaya. Pipilitin niyang maisagawa ang takdang gawain nang nag-iisa at hindi umaasa sa tulong ng iba.

2. Kaayusan at kalinisan

    Maayos at malinis magtrabaho ang batang may magandang saloobin sa paggawa. Nakikita sa kanyang natapos na gawain ang pagmamahal at pagpapahalagang ibinuhos niya sa paggawa dahil napananatili niya itong malinis at maayos.

3. Katapatan

    Ang batang may magandang saloobin sa paggawa ay tapat sa kanyang tungkulin nang may buong kakayahan at iniiwasan ang pandaraya sa pagsasagawa ng mga gawain.

4. Pagkamalikhain

    Malikhain ang batang may magandang saloobin sa paggawa. Umiisip siya ng mga paraan kung paano mapadali at mapabubuti ang gawain. Hanggat maaari gagamitin niya ang kanyang angking talino at kakayahan upang maipagmalaki niya ang kanyang gawain.

5. Pakikipagtulungan at pakikiisa

    Magiging magaan ang gawain para sa bawat isa at madali itong matatapos kung may pagtutulungan at pagkakaisa. Ang batang may ganitong katangian ay ginagawa ang kanyang pansariling gawain at tungkulin bilang miyembro ng isang pangkat. Tumutulong siya at nakikiisa upang maisakatuparan ang layunin sa paggawa.

*Ang batang may taglay ng mga katangiang binanggit ay maituturing ba nating may magandang saloobin sa paggawa? Bakit?*

*Ano-anong katangian ang dapat malinang upang magkaroon ng magandang saloobin sa paggawa?*

*Bakit mahalaga ang paggawa?*



## PAGSANAYAN MO

Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot.


1. Saan ginagamit ang malaking bahagi ng buhay ng tao?
   A. sa pagsasaya
   B. sa pagliliwaliw
   C. sa pagtatrabaho
   D. sa pamamahinga

2. Ano ang dapat mong gawin sa iyong kakayahan?
   A. itago
   B. ikahiya
   C. ikarangal
   D. ipagyabang

3. Paano mo gagawin ang gawaing nakaatang sa iyo?
   A. ipagwalang bahala ito
   B. humingi ng tulong sa iba
   C. gawin sa abot ng makakaya
   D. gawin kung kailan gustong gawin

4. Paano mo maiiwasan ang pandaraya sa pagsasagawa ng mga gawain?
   A. gawin kapag oras na
   B. gawin nang madalian
   C. ibuhos ang buong kakayahan
   D. hayaang nakatiwangwang ang mga gawain

5. Bakit mo kailangang gumawa?
   A. upang matuto ka
   B. upang ikaw ay malibang
   C. para makapagpalipas ka ng oras
   D. upang matugunan mo ang pangangailan ng sarili at bansa



## TANDAAN MO

- *Ang batang may magandang asal sa paggawa ay may tamang saloobin at pagpapahalaga sa paggawa. Taglay niya ang magagandang katangian na magsisilbing huwaran sa kilos, asal, gawi at ugali para makatulong sa pagpapaunlad ng bansa.*




## ISAPUSO MO

Sadyang taglay ng mga Pilipino ang magandang kaasalan sa paggawa. Dapat ikarangal at bigyang pagpapahalaga ang pagmamalasakit nila para sa kaunlaran ng bansang Pilipinas.

## GAWIN MO

Sa pamamagitan ng paggamit ng Petal Web, ipakita ang mga katangiang dapat taglayin ng isang taong may magandang saloobin sa paggawa.





## PAGTATAYA

Basahin at punan ng tamang sagot ang bawat patlang.  Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

1. Ang batang may magandang asal at moral sa paggawa ay may tamang ____________ sa paggawa.

2. Ang taong may tamang saloobin sa paggawa ay hindi _____________ sa tulong ng iba.

3. Ang batang _____________ ay umiisip pa ng paraan upang mapabuti at mapabilis pa ang isang gawain.

4. Dapat nating tanggapin nang ____________ sa kalooban ang mga mungkahi ng mga kasamahan upang mapabuti ang paggawa.


5. Ibuhos nang may buong ______________ ang wastong paggawa at iwasan ang pandaraya sa pagsasagawa ng mga gawain.

| | |
|---|---|
| kahusayan | kakayahan |
| saloobin | maluwag |
| malikhain | umaasa |

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Gumawa ng poster na naglalarawan ng tamang saloobin sa paggawa tulad ng alinman sa sumusunod:

1. Pagtitiwala sa sarili
2. Kasipagan sa paggawa
3. Pagtitiwala sa sarili
4. Kalinisan at kaayusan sa paggawa
5. Pagkamalikhain



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.